

1

What is Love? What does it take to love? If I speak in the tongues of men and of angels, but have not love, I am only a resounding gong or a clanging cymbal. If I have the gift of prophecy and can fathom all mysteries and all knowledge, and if I have a faith that can move mountains, but have not love, I am nothing. If I give all I possess to the poor and surrender my body to the flames, but have not love, I gain nothing. Love is patient, love is kind. It does not envy, it does not boast, it is not proud. It is not rude, it is not self-seeking, it is not easily angered, it keeps no record of wrongs. Love does not delight in evil but rejoices with the truth. It always protects, always trusts, always hopes, always perseveres.

Love never fails... And now these three remain: faith, hope and love. But the greatest of these is love. --1 Corinthians 13:1-8a and 13.

Naka-frame ang bersong may malalaking titik sa dingding ng dining room. Ito ang binasa ni Marco bago siya umupo sa hapag kung saan nakaupo na

at naghihintay ang kanyang dalawang kapatid at ang inang si Doña Matilda. Nasa harap nila ang masaganang almusal habang nakaantabay ang mga kasambahay sa paligid nila at naghihintay na magsilbi anuman ang kanilang kailanganin. Sila lamang apat na mag-iina ang nakatira sa napakalaking mansion na iyon—masasabing isa itong dream house. Nakatayo ito sa isang sulok sa Ayala Alabang.

“Binabasa mo na naman ang bersong ’yan, Kuya,” ani Madeleine na siyang pangalawang kapatid ni Marco. “Hindi angkop ’yang berso na ’yan sa atin at alam mo ’yan,” dagdag pa nito. Hiwalay ito sa asawa may tatlong taon na ang nakakaraan. Nuknukan kasi ito ng kasungitan. Lahat ng diperensya ng asawa ay napapansin ultimo hindi nito pagsasarang muli ng toothpaste pagkatapos magsepilyo.

May diperensya ito sa matris kaya hindi nito nabigyan ng anak ang dating asawa. Tatlong taon nang kasal ang dalawa nang madiskubre nitong may ibang pamilya ang asawa. Dahil hindi na nito kayang mabigyan ng anak kaya naghanap ng iba ang lalaki. Isa pa’y rinding-rindi na ang huli sa kasungitan ng babae. Simula nang iwan ng kabiyak ay nawalan na ng ganang makipagrelasyon si Madeleine.

“Hindi totoo ang bersong iyan,” anito. “Gawa-

gawa lang 'yan ng mga taong nagsulat ng Bibliya,” mataray na sabi pa nito bago nagtimpla ng kape. “Kung bakit kasi kailangan pang i-frame at i-hang ang bersong 'yan sa dingding.”

Katulad ng kanilang ina ay maganda sana ito. Matangkad ito at mala-sutla ang kutis na morena. Mapungay ang mga mata nitong may malalantik na pilik. Pero talagang walang makakatalo sa kasungitan at katarayan ng babae.

“Oo nga, Kuya,” turan ng bunso niyang kapatid na si Martin. “Mahirap panindigan ang mga salitang 'yan. Ako, hindi na ako naniniwala sa bersong 'yan. Wala talagang makakagawa niyan kung 'yan nga ang totoong kahulugan ng salitang 'love',” may pagkasarkastiko pang pahayag nito. Hiwalay rin ito sa asawa. His wife also left him for another but this time, for another woman. Nang tanungin nito ang rason sa hipag, ang sinabi lamang nito ay may expectations ito sa relasyon nilang mag-asawa na hindi ibinigay ni Martin. Hanggang ngayon ay hindi maintindihan ni Marco kung ano ba ang mga expectations na iyon. But he never bothered to find out. Sa kasalukuyan ay nilalakad ng mga ito ang annulment ng kanilang kasal.

“Wag n'yo nang pagalitan ang kuya ninyo,” ani

Doña Matilda na noon ay nagpapahid ng mantikilya sa tinapay nito. Iniwan din ito ng asawang si Don Manolo at ninakawan pa ng humigit-kumulang sa dalawampung milyong piso. Hindi nila alam kung bakit bigla na lamang itong nawala na tangay ang malaking halagang iyon. Noong mga bata pa ang tatlong magkakapatid ay nagtalo isang gabi ang kanilang mga magulang at bigla na lang ito naglaho ang asawa.

Dalawampung taon na ang nakakaraan, ipinalagay nilang nangibang-bansa na ito. Bago pa man mawala si Don Manolo ay matabang na ang pakikitungo nito sa asawa. Nag-uusap man ang mga ito ay laging sa angilan nauuwi.

Bata pa si Marco noon, pero nakita niya kung paano saktan ng kanyang ama ang ina niya. Madalas silang makabalita na iba't ibang babae ang kasama nito sa tuwing aalis ng opisina bagaman hindi nila ito nahuli kailanman. Gayunpaman, hindi sila hinikayat ni Doña Matilda na kamuhian ang kanilang ama. Sa halip ay sinabi nito na may matinding dahilan si Don Manolo kaya ito umalis.

Subalit may sugat na iniwan ang ama sa batang si Marco dahil sinaktan nito ang kanilang ina noon. Nasaksihan niya ang pag-aaway ng mga magulang

dahil sa pagiging nagger ng ina at napuno na ang ama niya kaya nagawa nitong saktan ang asawa. Until now, he was hoping that his mom would find true love. Tawagin na siyang hopeless romantic. But he does pray that his mother would find the right man kahit na ngayong mahigit cincuenta años na ito.

“Nagbabakasakali lang ang kuya ninyo na baka magkaroon pa ng totoong pag-ibig sa pamamahay na ito kaya isinabit niya ang bersong ’yan sa dingding.” Pero kahit sinabi nito iyon ay halata sa boses nitong hindi na rin ito naniniwala sa totoong kahulugan ng pag-ibig. “Pero sa panahon ngayon, hijo,” anito, “ang pag-ibig na sinasaad sa Bibliya ay wala na. Wala na, Marco,” pagtatapos ng ginang na may himig ng kalungkutan.

“Paulit-ulit kong binabasa ang bersong ’yan dahil baka magkaroon ng katotohanan balang araw para sa atin,” pagdedepensa ni Marco. “Sabi nila, visualization is the key to make things happen,” dagdag pa niya. Siya mismo ay hindi sinuwerte sa mga naging karelasyon. Lima na ang kanyang naging kasintahan, pero ni isa rito ay walang tumagal. No one ever got contented with their relationship. Laging may hinahanap sa kanya ang mga ito na hindi niya maibigay.

Kahit naman sa wala nauwi ang mga relasyon niya at ng kanyang pamilya ay mahal pa rin niya ang mga ito. Ayaw na niyang makita ang mga pinagdaanang kalungkutan ng mga kapatid at ina. By having the verse of love hung on their wall, he was hoping that a miracle would happen. Kahit anong milagro, dasal niya, magkaroon lamang ng buhay at pag-ibig sa kanilang tahanan.

“Pero ikaw mismo ay hindi makapag-asawa sa takot na maging katulad ka namin, di ba, Kuya?” ani Madeleine. Sinenyasan nito ang isang kasambahay para ihain ang dessert. Tumalima ang inutusan.

“Hindi sa gan’un,” tangkang muli ni Marco. Inabutan siya ng katulong ng kape at sinalinan din nito ng orange juice ang kanyang baso.

“Wag ka nang magkaila, Kuya,” sabad ni Martin. “Nauunawaan ka naman namin. Kaya lang alisin mo na sa dingding ang frame na iyan dahil ikaw mismo ay hindi naniniwala diyan.”

Tinitigan na lamang niya ang kapatid na lalaki. Totoo ang sinasabi nitong ayaw niyang mag-asawa dahil ayaw niyang maging miserable ang buhay niya katulad ng mga ito dahil lang sa pag-ibig. Nakita niya kung paano umiyak ang kanyang mama pagkatapos iwan ng kanilang ama. Tatlong buwan itong hindi

makausap at hindi makakain pagkatapos lumisan ni Don Manolo dalawampung taon na ang nakakaraan. Kumuha pa ito ng napakalaking halaga. Ni-forge nito ang pirma ng asawa sa isang tsekeng mula sa joint account nila. At dahil kilala naman ito sa bangko kung saan nakadeposito ang pera ay hindi na tinawagan ng bangko ang ginang para i-verify kung lehitimo ang tsekeng in-encash ng kanilang ama.

Akala niya ay hindi na makaka-recover ang kanyang ina dahil sa depression. Akala nila ay magpapakamatay ito kaya lagi itong may bantay noon. Pero hindi nagtagal ay naka-recover ito sa tulong ng mga doktor at kaibigan na siya nitong laging kausap. Nabasa na lamang nila sa diyaryo isang araw na natagpuan si Don Manolo na walang buhay sa loob ng condominium unit nito sa Pasig. Inatake ito sa puso. His mom shed tears for a while but was over his father's death after a short time.

Si Madeleine man ay nakita niya ang dinaanang hirap simula nang madiskubre nitong may ibang pamilya ang asawa. Kahit na sabihin pang matatag na babae ay nakita niyang marunong pa rin itong masaktan at umiyak. Ilang gabi rin itong mugto ang mga mata at hindi makapagtrabaho noon.

Ganoon din si Martin. Kung sino-sinong babae

ang inilabas nito mula nang iwan ito ng asawa. He didn't trust any woman ever since. After having sex with one ay iiwan na nito ang babae at hahanap na muli ng iba. Para rito, love just didn't exist.

But Marco still believed that love does exist. Kaya nga lagi niyang binabasa ang bersong iyon sa Book of Corinthians sa Bibliya ay dahil gusto niyang subukan kung mababago ng pagbabasa ng berso ang takbo ng buhay nila sa larangan ng pag-ibig. Visualization, wika nga.

Hindi naman siya relihiyoso pero naniniwala siya sa Bibliya because it made sense somehow. If one keeps a record of his or her loved one's wrongdoings, lagi na lamang mag-aaway ang mga ito. It made sense that love is patient and kind. Because if love is not patient and kind, then there will always be false expectations. And if there are false expectations, a relationship will really fall apart like that of his brother's. Naniniwala pa rin siyang mayroon pa ring dakilang klase ng pag-ibig.

But love is often mistaken for infatuation or lust. Pag lumipas na ang kaba sa dibdib at ang initial excitement sa relasyon, unti-unti itong nawawala sa pagdaan ng panahon. Napatunayan niya ito sa limang babaeng nakarelasyon niya. Pagkatapos ng

ilang buwan ng pakikipagrelasyon ay nawawala ang kaba sa dibdib, ang excitement. What come after are never-ending false expectations and feelings of resentment from things that the relationship fails to fulfill. Pagkatapos ng huling affair ni Marco ay hindi na siya muling sumubok na pumasok sa isang relasyon.

So how does one know what love really is? Can love really be determined? How can anyone sustain this emotion? Ito ang mga katanungang sadyang mailap ang kasagutan. Mayaman sila pero ang kasagutan ay hindi mababayaran ng kahit gaano karaming salapi. Ito ang mga kasagutang pilit niyang hinahanap kahit noong simulan niyang pag-aralan ang tunay na kahulugan ng pag-ibig.

Ano nga ba ang kaakibat ng salitang pag-ibig? Bakit kailangang maging mahirap umibig? Love is such a big and complicated word.

According to many, he was tall, dark and handsome. Maraming babae ang nagkakagusto sa kanya. Subalit hindi niya kailanman sinubukang magkaroon ng serious relationship. He refused to risk it. Besides, mailap ang pag-ibig. Maraming kababaihan ang nagpaparamdam sa kanya na gustong makipagrelasyon, but no one interested him. Dahil

alam niyang pera lamang niya ang interes ng mga ito. Hindi kailanman magkakaroon ng pag-ibig sa isang relasyon na umiikot lamang sa kinang ng pera.

Pero kahit hindi niya gustong matali sa isang seryosong relasyon, masaya na si Marco kapag nakakatulong sa mga kaibigang katulad ni Alex na may problema sa pakikipagrelasyon. Tulad ng hapong iyon nang minsang magkita sila sa *Starbucks* para magkape at magkabalitaan...

“Hindi ko alam. Pare, kung bakit gan’un angtrato sa akin ni Eunice,” anito. Si Eunice ang nobya nito nang apat na taon.

“Bakit? Ano ba angtrato sa iyo ni Eunice?” tanong niya.

“Parang hindi ako ang lalaki sa relasyon namin,” sagot ni Alex.

Kumunot ang kanyang noo, naguguluhan. “Liwanagin mo nga kung bakit mo nasabi ’yan?”

“Bawat sabihin niya kasi ay sinusunod ko. Pag wala siya ay nag-aalala ako. Hindi ba tanda ng kahinaan ’yun?” anito na may himig ng pagpapaunawa. Sadyang mabait ito at maalalahanin. Isa ito sa mga dahilan kung bakit naniniwala pa rin si Marco na may dakilang pag-ibig. Dahil isa si Alex sa mga

nagpapakita niyon.

Ramp model ang nobya ng kaibigan at laging wala sa bansa. Pero hindi niya nakitang nagloko o tumingin man lang sa ibang babae ang kanyang kaibigan. Para sa kanya, malayo ang ugali ni Alex kay Eunice dahil napakabait ng lalaki at ang dalaga naman ay may pagkamataray. Pero dahil sa pagmamahal nito sa kasintahan ay gayun na lamang ang pagpapakumbaba nito. In fairness ay ina-appreciate iyon ni Eunice. Kahit mataray ito ay ibinabalik naman nito ang pagmamahal na ibinibigay rito ng kanyang kaibigan.

“Pare, hindi tanda ng kahinaan ’yan,” sabi na lang niya. “Remember that love never fails to understand. Love is patient and kind. Hindi ba madalas ko ring sabihin sa iyo ang bersong iyon sa Bible?”

Mapapangiti si Alex sa sinabing ito ni Marco. Tinapik-tapik siya nito sa balikat. “Iba ka rin, Marco. Magpari ka na lang kaya?” natatawang biro nito.

“Consider yourself blessed, pare,” aniya. “Ako’y wala pang nahahanap na ganyang klase ng love,” biro niya na may halong katotohanan.

Napahalakhak ito. “Kaya sa iyo ako laging nakikipag-usap pag may ganito akong iniisip. Lagi

mo akong na-co-convince kung ano talaga ang pagmamahal, pare.”

“Huwag kang susuko. Ayokong matulad ka sa mga magulang at kapatid ko... sa akin. Mahal ka ni Eunice. Alam ko iyon at nakikita ko iyon. Wag kang panghihinaan ng loob na ipakita sa kanyang mahal mo siya.”

Tumango ang kausap. “Let’s drink to that, pare! At sana, ikaw mismo ay makatagpo ng pagmamahal na katulad ng sinasabi mo.” Kapwa nila itinaas ang kanilang mga tasa ng umuusok na kape.

Pagkatapos niyon ay napatingin sa labas ng kalsada sa Marco. May isang grupo ng kababaihan na naglalakad at nagtatatawanan. Naisip niya, matagpuan man niya ang babaeng itinadhana ng langit para sa kanya, siguro ay matatagalan pa.

2

“Ayan, malapit na siyang lumabas, Celine. Konti na lang!” paghikayat ng doktorang nagpapaanak habang hirap na hirap siya sa pag-iri. Pawisang-pawisan siya; hila ang mga mata sa luha at pawis na tumatagaktak mula sa kanyang noo. Nakatutok ang isipan sa sakit na nararamdaman sa ibabang bahagi na kanyang katawan.

“Push, Celine, push!” narinig niyang sabi nito.

Bakit ba sa kanya pa nangyari ito? Wala naman siyang kasalanan kundi ang magmahal lamang.

“Ayan na, malapit na, Celine! Nasa bungad na ang ulo niya, konti na lang!” anang ob-gyne habang pinipilit niyang umiri. Kay hirap palang magluwal ng sanggol—kasing-hirap ng mabigo sa pag-ibig.

Kay hirap umibig, sabi ng puso ni Celine. Kahit sakit ng katawan ang namamayani sa kanya ngayon, iba ang sakit na nararamdaman ng kanyang puso. Pakiramdam niya ay malalagutan siya ng hininga sa sama ng loob dahil sa araw ng kanyang panganganak ay iniwan siya ni Carlos. Ang lalaki ang nobyo niya, ang ama ng kanyang isisilang na anak.

“Ano ang ibig sabihin nito, Carlos?” tanong ni Celine nang makita ang katipan na nag-iimpake ng mga damit nito. Hindi niya maintindihan kung bakit bigla na lamang itong nag-impake at lahat ng gamit nito ay inilalagay sa malaking backpack.

“Ayoko nang makisama sa iyo, Celine,” simpleng sagot nito.

“What? What do you mean?” This time ay tila naninigas ang kanyang tiyan. Siyam na buwan na ang kanyang dinadala at anumang oras ay maaari na siyang manganak.

“Hindi mo ba nakikita? Iwan na kita.”

“Pero bakit? Paano na ang magiging anak natin?” lumuluha nang tanong niya.

“Bahala ka na sa batang ’yan, Celine.” Matigas ang pananalita ni Carlos na may pagmamadali sa bawat kilos. “Kasalanan mo naman kung bakit natuloy ang pagbubuntis mo.”

“Hindi kita maintindihan. Bakit, Carlos?” Hindi siya makapaniwala na magagawa siyang iwan ng lalaki sa kabila ng lahat ng ginawa niya para rito. Mahal na mahal niya ito. Kahit ayaw rito ng kanyang mga magulang ay sinuway niya ang mga ito. Patuloy ang pag-agos ng kanyang luha. Pilit niyang hinuhuli

ang mga mata ng kausap, pero sadyang ayaw nitong tumingin sa kanya.

“Hindi ko na kayang makisama sa iyo, Celine!”

Hindi kaagad nakapagsalita ang dalaga sa narinig. Hiram na hiram sa luha ang kanyang mga mata. Nang makabawi ay niyakap niya ang nobyo mula sa likuran. “Ano ang nagawa ko, Carlos? Sabihin mo sa akin!”

Kumawala ito sa pagkakayakap niya. “Akala ko noon ay maaawa sa iyo ang mga magulang mong mayaman. ‘Yun pala’y talagang pababayaang ka na lamang nila. Akala ko’y magkakapera na ako dahil inanakan kita. Magsasama tayo, magpapakasal at doon na tayo titira sa mansyon ng matapobre mong mga magulang. Akala ko’y ginhawa na ang buhay ko. Hindi pala. Manganganak ka na, wala pa rin kahit anong tulong na ibinigay ang mga magulang mo. Ano ako, bale? Kukuha ako ng batong ipupukpok sa ulo ko?” Isinara ng lalaki ang backpack at padabog na inilagay iyon sa likod.

“Carlos, hindi totoo ‘yan! Mahal mo ako. ‘Yun ang sinabi mo sa akin...”

“Hah! At naniwala ka naman? Tanga ka, Celine! Wala sa bokabularyo ko ang salitang ‘pag-ibig’. Hanggang dito na lamang tayo, Celine. Hindi na kita

mapapakinabangan kaya maghahanap na ako ng iba. Isa pa, hindi ko na hihintayin pang lumabas ang batang 'yan na alam kong gastos lang ang idudulot sa akin.” Walang sabi-sabing itinulak siya nito.

Bumalandra ang dalaga sa sahig. Saglit lamang nitong tiningnan ang hindi makatayong babae saka tuloy-tuloy na naglakad patungo sa pinto. Sa lakas ng pagkakatulak ni Carlos ay hindi nagawang tumayo ni Celine. Nakaramdam siya ng likidong dumaloy sa kanyang mga hita. Humilab ang kanyang tiyan. Nasapo niya iyon.

“Carlos, manganganak na ako! Carlos!”

Pero hindi na nito pinakinggan ang kanyang pagtawag. Tuloy-tuloy itong lumabas ng kanilang tinutuluyan.

“Carlos!” sigaw niya. Hindi malaman kung saan nanggagaling ang sakit—kung sa kanyang tiyan o sa pusong sadyang binigo ng tadhana. Ginapang niya ang di-kalayuang telepono, nag-dial at tumawag ng tulong.

Isang malakas na pag-uha ang narinig ni Celine bago siya nawalan ng malay. Nang magising siya ay nasa charity ward na siya. Naroroon si Pat na matalik niyang kaibigan. Nakaupo ito sa tabi ng kama niya. Nakangiti ito sa kanya.

“Pat...” tawag niya. Nag-aamba ang luha sa kanyang mga mata. Dumulog ito at niyakap siya. Humagulgol siya.

“Tama na,” alo nito. “Ano ba ang nangyari? Bakit wala si Carlos?”

“Wala na siya, Pat. Iniwan na niya ako...” humahagulgol pa ring sagot ni Celine.

Bumuntong-hininga ang kanyang kaibigan. “Sinasabi ko na nga ba’t hindi mapagkakatiwalaan ang kumag na iyon, eh. Tahan na. Nandito lang ako,” pag-alo nito.

Napansin niya ang iba pang pasyenteng naroroon sa ward na iyon. Lima ang kasama niya sa kuwarto. Katulad niya, kapapanganak lamang din ng mga ito. Ang iba ay may kasamang bantay at ang iba naman ay wala. Lahat ay nakatingin sa kanya at waring naawa. Nagbawi ang mga ito ng tingin nang mahuli ng kanyang mga mata. Pinainom siya ng tubig ni Pat. Kahit paano ay nakalma siya.

Sa isang government hospital sa Quezon City ang napagdalhan nito sa kanya. Si Pat ang kanyang tinawagan matapos siyang iwan ni Carlos. Nasa trabaho ito noon. Nag-be-bedspace ito sa kanila. Pero ngayon ay ito na lamang ang kanyang makakasama

dahil wala na nga ang lalaki.

Wala sa loob na napatingin sa bintana si Celine. Maaliwalas ang sikat ng araw na waring walang malungkot na nangyari nang nakaraang gabi. Bagaman mayaman ang kanyang mga magulang ay hindi na siya nangahas na humingi ng tulong sa mga ito. Pinalayas siya ng kanyang ama pagkatapos niyang sumama kay Carlos—si Carlos na sa pagkukunwari lamang pala nabubuhay.

Nakilala niya ito nang magtatapos na siya sa kursong Business Management sa isang prestihiyosong eskuwelahan sa bansa. Madali nitong nakuha ang kanyang atensyon dahil guwapo ito, palakaibigan at pakiramdam ni Celine ay lagi siyang inaalagaan. Hindi siya naka-graduate dahil inaya na siya nitong magtanan. She was nineteen then. Siya naman na luka-luka ay sumama nga rito. Naniwala siya sa mga pangako nitong paliligayahin siya at hindi kailanman sasaktan.

Nagalit ang kanyang mga magulang at itinakwil siya. Ano raw ba ang nagawang pagkukulang ng mga ito at nagawa niyang sumama kay Carlos na ni hindi niya alam ang background. At huli na nang ma-realize niyang tama ang mag-asawa. Nag-live-in sila ng nobyo. At age twenty ay nabuntis siya. Nagbago

ito. Madalas itong humihingi ng pera sa kanya at laging gabi na umuuwi. Halos maubos ang ipon niya sa bangko dahil dito. Pinabayaan niya lamang ang boyfriend dahil ang akala niya ay ganoon talaga ang mga lalaki.

Napailing si Celine sa alalahaning iyon. Nagkamali siya. Napakarami niyang pagkakamali. All she can do now is to cry all the heartaches out. Baka sakaling sa pag-iyak ay mahugasan lahat ng kanyang pagkakamali.

Ipinangako niya sa sariling hindi na muling iibig pa. Hindi na siya magtitiwala sa kahit kaninong lalaki. Isang ingit ng munting sanggol ang kanyang narinig. Dumating ang isang nurse na karga ang kanyang anak. Sinalubong ito ni Pat.

“Mrs. Samaniego, eto na po ang napakagandang baby ninyo,” nakangiting turan ng nurse.

“Uy, ang cute- cute naman ng batang ’yan. Hello, baby girl...” Tuwang-tuwang hinalikan ng kaibigan niya ang noo ng bata.

“B-babae pala ang anak ko,” ani Celine. Inilapag ng nurse sa tabi niya ang sanggol. Marahan nitong isinara ang kurtinang nanghahati sa kanya at sa iba pang pasyente. Inilahad niya sa bata ang kanyang

dibdib para makasuso ito. Nang makaalis ang nurse ay hinaplos-haplos niya ang ulo ng anak.

“Ano nga ba ang ipapangalan natin sa bata?” tanong ni Pat.

“Hindi ko pa alam...” sagot ni Celine habang minamasdan ang dumededeng anak. Napakaganda nito. Mapula-pula ito at waring may biloy ang magkabilang pisngi. Matakaw itong dumedede sa kanyang dibdib. Kahit paano ay napangiti siya habang minamasdan ito.

“Kailangang mag-isip na tayo ng pangalan para sa kanya. Kailangan nang i-file ng ospital ang birth certificate niya.”

“I know.” Napahagulgol siya muli.

Napailing ito. “Hay naku, Celine! Walang mangyayari kung umiyak ka nang umiyak diyan. Isumpa mo na ang walang-kuwentang Carlos na iyon dahil wala siya karapatang mabuhay dito sa mundo,” nakakunot-noong pahayag nito. Awang-awa ito sa kaibigan. “Gusto mo bang tawagan ko ang daddy at mommy mo?” tanong muli nito.

“Huwag, Pat. Baka lalo lang silang magalit sa akin at sisihin ako,” sumisinghot na sabi niya.

“Eh, paano? Ano ang plano mo?”

“Hayaan mo na, bubuhayin ko na lamang mag-isa ang anak ko.”

Nag-isip ang kausap. Walang trabaho ang kaibigan dahil naging maselan ang pagbubuntis niya. Kung ano lamang ang iuwi ni Carlos ay siyang pinagtitiyagaan niya. Madalas ay si Pat ang nagbibigay sa kanya ng pambili ng gamot at mga masustansyang pagkaing kailangan ng isang buntis.

“Gusto mo bang ipakiusap kita sa manager ko sa factory? Mabait iyon. Laging tumutulong sa mga nangangailangan.”

“Sa palagay mo ay tatanggapin niya ako?” may pag-aalalang tanong ni Celine.

“Mabait naman siya. Kakausapin ko na lang. Pero kailangan nating humanap ng mag-aalaga kay Baby habang nagtatrabaho tayong dalawa.”

Muling napaluha si Celine. Hindi niya akalaing ganito siya kamahal nito. Nagpapasalamat siya sa Diyos at binigyan siya ng kaibigang katulad ni Pat. Wala na itong mga magulang. Ito lamang ang nagpaaral sa sarili at namuhay mag-isa. Naging kaibigan niya ito nang i-advertise niyang puwedeng mag-bedroom sa apartment nila ni Carlos. Naging

magaan ang loob niya rito hanggang sa maging matalik na magkaibigan sila.

“O, bakit umiiyak ka na naman?” nakakunot na tanong ni Pat. Naaawa na talaga ito sa kanya. Dinala na lamang siya nito sa charity ward dahil wala naman talaga silang pambayad sa ospital.

“Hindi ko alam kung paano kita pasasalamatan, Pat.”

Ngumiti ang babae. “Ay naku, ang taong ito! Sino pa ba naman ang magtutulungan kundi tayong magkaibigan? Huwag ka nang mag-alala. Pasasaan ba’t makakaraos din tayo,” paghihikayat nito. Nagyakap ang dalawa saka pinag-usapan kung ano ang ipangalan sa anak ni Celine.

Isang linggo pagkapanganak ni Celine ay nagtrabaho na siya sa *Good Taste Candy Factory* na pinagtatrabahuhan ni Pat. Minabuti niyang magtrabaho kaagad kahit mahina pa ang kanyang katawan para makalimot sa kalungkutan at para magkaroon na rin siya ng perang pambili ng gatas ng anak. ‘Isabel’ ang ipinangalan niya rito. Pangalan iyon ng kanyang ina. Kahit naman itinakwil siya ng mga magulang ay mahal pa rin niya ang mga ito. At

dasal niyang sana isang araw ay mapatawad siya ng mag-asawa.

Kinuha niya ang pamangkin ng isang kapitbahay na walang trabaho para maging yaya pansamantala ng bata. Hindi niya kasi maipagkatiwala sa ibang tao ang anak. Kilala naman niya ang kapitbahay na si Aling Belen at ang pamangkin nitong si Josie. Noong buntis pa siya ay ang mga ito ang pirmi niyang kadamay bukod kay Pat. On probation siya bago maging regular sa kompanya. Pagbubutihin niya ang kanyang trabaho, aniya sa sarili, para sa ganoon ay magkaroon sila ng ikabubuhay na mag-ina.

Tagabalot muna ng candy ang naging trabaho niya. Iyon muna raw ang ipagagawa sa kanya at saka na siya itataas ng puwesto kung mapatunayang masipag siya at walang arte sa trabaho. Tatal ay nakaabot siya ng fourth year college ay baka puwede siyang ilipat sa opisina.

Nagsumikap siya sa pagtatrabaho. Halos gabigabi ay nag-o-overtime siya. Nagbabalot siya ng candy sa araw at naglilinis ng opisina sa gabigabi. Kahit na dalawang oras na overtime ay pinapasukan ni Celine para lang may maidagdag sa kanyang suweldo.

Lumipas nang mabilis ang anim na buwan. Itinaas kaagad ang kanyang posisyon bilang assistant

marketing officer ng kompanya. Kahit si Pat ay naitaas na rin ng posisyon bilang quality control officer mula sa dating tagalagay sa mga kahon ng mga candies.

Wala silang pasok kapag weekend kaya ito ang panahon niya para sa kanyang anak. Ipinapasyal nila ang bata sa Luneta. Minsang naupo sila sa ilalim na isang puno para mag-picnic, minasdan ni Celine ang mga pamilyang naroroon. Kompleto ang bawat pamilyang nakikita niya—may mga anak, ina at ama. Nalambungang muli ng kalungkutan ang kanyang mga mata. Kung sana ay hindi nagbago si Carlos....

“O, bakit parang sinalo mo na naman ang bigat ng buong mundo sa balikat mo?” untag ni Pat habang kandong-kandong si Isabel. “Naalala mo na naman ang mokong na si Carlos? Hay naku! Kaya ikaw, Isabel,” hinarap nito ang anim na buwang bata at kinausap na animo naiintindihan ito, “huwag na huwag kang iibig sa isang lalaking hindi mo nakikilala nang lubos.” Ngumiti ang bata na parang nauunawaan ang sinabi nito.

Sumilay ang ngiti sa mga labi ni Celine, pero malungkot pa rin ang kanyang mga mata.

“Bakit nga ba gan’un? Ang dali-daling sabihin ng salitang ‘love’. Pero parang mahirap talagang

panindigan.”

“Love is blind daw kasi,” pabirong sabi nito.

“Na-in love ka na ba, Pat?”

“Naku! Ako pa ang tinanong. Sorry, friend, wala pa akong karanasang ma-in love. Practical kasi akong tao. Mahirap ma-in love. Ayokong maging katulad mo,” pabirong tugon nito.

Hindi naman niya ininda ang sinabi ng kaibigan dahil alam niyang biro lamang iyon. Pero bakit nga ba ganoon? Kahit anong pilit niya, hindi niya makalimutan si Carlos.

“Huwag mo na kasing pag-aksayahan ng panahon ‘yang walang kuwentang taong ’yan,” nakakunot-noong payo ni Pat. “Ang isipin mo ay kung paano mo mapapalaki nang maayos si Isabel.

“Tama ka. Ang bilis niyang lumaki. Anim na buwan pa lang siya pero parang isang taon na ang edad niya,” ani Celine saka kinuha ang anak kay Pat. Kumuha siya ng bote ng gatas at pinadede ito. Mayamaya lamang ay tulog na tulog na ang bata. Ang kaibigan ay nahiga rin sa banig at nakatulog.

Siya naman ay tumingin sa dako ng tabing-dagat. Marami pa ring namamasyal. Papalubog na ang araw

sa Manila Bay. Ang araw kapag sumikat, maganda, may kulay. Kapag lumubog naman ito ay gayundin, maganda at makulay. Bakit ang kanyang buhay ay hindi naging ganoon? Bakit parang hungkag at wala itong laman, walang kulay?

She didn't want to regret anything that happened in her life. She made her choices. Whatever consequences those choices would have, she should be responsible for it. Tiningnan niya ang natutulog na anak at hinalikan ang noo nito.

Sa apartment, nagising si Celine sa iyak ng anak. Pupungas-pungas niyang tinungo ang crib nito. Nagulat siya nang makitang pulang-pula ito.

“Isabel? Bakit, anak, ano’ng nangyayari sa iyo?” Dali-daling binuhat niya ito. Muntik niya itong mabitawan dahil sa init na nakapa niya rito. Biglang sumalakay ang kaba sa kanyang dibdib. “Ang taas ng lagnat mo,” wala sa sariling sabi niya. Nang buhatin niya ito ay bigla itong nagsuka. “Pat! Pat!” tawag niya.

Ilang sandali pa bago dumating ang kaibigan. Halatang bagong gising ito, sadyang pinilit lamang bumangon. “Bakit, Celine?” tanong nito.

“Si Isabel, Pat. Ang taas-taas ng lagnat niya!”

halos maiiyak nang tugon niya.

Lumapit ito at sinalat ang noo ng bata. “Oo nga! Teka,” kalmadong sabi nito, “tatawag ako ng taxi. Dalhin na natin siya sa ospital. Huwag kang mataranta at baka pati ako’y mataranta na rin. Painumin mo muna siya ng paracetamol drops ’tapos kumuha ka ng basang bimpo. Punas-punasan mo muna siya pagkainom ng gamot. Ilagay mo sa noo niya ang bimpo para hindi magkombulsyon.” Lumabas ito ng kuwarto para tumawag ng taxi.

Nagtataka man na alam na alam ng kaibigan ang gagawin ay ginawa ni Celine ang payo nito. Kahit paano ay nabawasan ang lagnat ng bata nang dumating ang taxi. Pero hindi pala lagnat lamang ang sakit ni Isabel.

“May impeksyon sa bato ang bata, Misis. Ito ay tinatawag na hemolytic uremic syndrome. Kailangan niyang manatili dito sa ospital para ma-dialysis upang mapalitan ang maduming dugong nakakaapekto sa kanyang kidney,” pahayag ng doktor na tumingin sa kanyag anak.

“H-hindi po ba makukuha sa gamot?” tanong ni Celine na may himig ng takot at pag-aalala. Nauunawaan niya kung ano ang ibig sabihin ng salitang ‘dialysis’. Na-dialysis na ang kanyang ina

dahil nagkaroon ito ng kidney failure.

“Kailangang masiguro natin na walang komplikasyong mangyari sa bata. Mas gagrabe ang sakit niya kapag hindi natin binantayan at ginawa ang dialysis,” paliwanag nito.

Nagkatinginan ang magkaibigan. Walang pera si Celine para sa confinement ni Isabel much more sa dialysis at blood transfusion. Naluluhang pinagmasdan niya ang natutulog na ngayong si Isabel.

“Ano ang gagawin ko, Pat? Wala akong pera para sa mga sinasabi ng doktor.”

Hinagod nito ang kanyang likod. “Di bale, titingnan ko kung ano ang magagawa ko. Dito muna kayo sa emergency room. May konti akong pera na naitabi sa ATM ko. ‘Yun muna ang gamitin natin,” nakangiting sabi nito.

Mahigpit niyang niyakap ito. “Hindi ko alam ang gagawin ko kung wala ka, Pat. Maraming salamat.”

“Ikaw naman. Kung ako ang nasa lugar mo, tutulungan mo rin ako, hindi ba?” Tumango siya. Sadyang napakabait ng kanyang kaibigan. Lumabas ito ng emergency room upang magtungo sa pinakaamalapit na ATM.

Nang madala si Isabel sa ward na pambata ay muling nag-usap ang magkaibigan. “Celine, alam kong hindi mo magugustuhan itong sasabihin ko. Hindi rin pala magkakasya ang na-withdraw ko sa ATM. Pang-deposit lang pala iyon dito sa ospital. Tinanong ko kanina sa isang nurse kung magkano aabutin ang isang dialysis. Hindi pala natin kakayanin kahit isa. Humigit-kumulang sampung dialysis ang kailangan ni Isabel. Palagay ko’y kailangan mong kausapin si Carlos,” may pag-aalinlangang sabi ni Pat.

Tumango lamang si Celine. Nauunawaan niya ang gustong sabihin nito. Kailangan nila ng tulong sa mga gastusin ni Isabel sa ospital.

“Oo, Pat. Bukas na bukas din ay tatawagan ko si Carlos. Nasa akin pa naman ang cell number niya. Sana lang ay hindi pa siya nagbabago ng numero.”

Kinabukasan, bagaman may pag-aalinlangan ay tinawagan ni Celine ang dting nobyo.

“Maaari ba tayong magkita?”

“Para saan pa?” naiiritang tanong ni Carlos.

“K-kailangan ko ang tulong mo. May sakit ang... ang anak natin.”

“Hah! Bakit sa akin ka humihingi ng tulong?”

Kahit patayin mo pa ako ngayon ay wala akong maibibigay sa iyo. Hindi ko pa napapasagot ang babaeng ipapalit ko sa iyo...”

“Carlos...”

“Puwede ba, Celine, huwag na huwag mo na akong tatawagan. Sinabi ko na sa iyo noon, wala na akong pakialam sa iyo!” At pinindot na nito ang end call button ng cellphone.

Naninikip ang dibdib na inilagay ng dalaga ang receiver sa cradle. Kahit nasa harap siya ng isang public phone sa ospital ay hindi niya napigilan ang pag-iyak. Ano na ang kanyang gagawin?

3

Kanina pa tinitingnan ni Marco ang babaeng tumatawag sa public telephone. Balisang-balisa ito na waring umiiyak. Bibili sana siya ng ipapasalubong sa dadalawing inaanak na nasa ospital na iyon nang mapansin niya ang estranghera. He didn't understand why but he kept glancing at the woman. Strange but he seemed drawn to her. After paying for the gift he purchased, he had a chance to look at her more intently. Napansin niya ang balingkinitang pangangatawan nito. Nakatalikod ito sa kanya. Pero sigurado siyang kahit humarap ito ay makikita niyang this woman had the right curves at the right places.

You're a creep, Marco, sabi niya sa sarili. Hindi mo ba nakikita na may problema 'yung tao? Stop your arrogant thoughts and go there and offer help! Umiling siya ngunit mayamaya lamang ay ipinasya niyang lapitan ang babae. Pero bago pa siya makalapit ay ibinaba na nito ang receiver at bahagyang inuntog ang ulo sa telepono. He wondered what could be her problem. Naramdaman niya ang bigat ng dinadala nito.

“Ah, Miss... are you okay?” alanganing tanong

niya. *Great, Marco! Wala ka bang ibang masabi? Nakikita mo na ngang umiiyak, itatanong mo pa kung okay siya...*

She stopped banging her head on the phone. Pinahid nito ang luha.

Hindi man siya nilingon ng babae ay umiling ito bilang sagot sa kanyang tanong saka humakbang paalis. Nagmamadali ito.

“Wait,” habol dito ng binata.

Humantong sa chapel si Celine. Nakita niyang walang katao-tao roon. Dumaloy na muli ang luha mula sa kanyang mga mata. Dahan-dahan siyang pumasok at napaupo sa isa sa mga benches doon. Hindi niya malaman kung saan galing ang nakaparaming luhang iyon. All she could think of was her daughter—sinisisi niya ang sarili sa nangyari rito. She didn’t provide the best nutrition for Isabel kaya siguro nagkasakit ito at ngayon ay hindi niya alam kung paano ito ipagagamot. Mataman niyang tiningnan ang nakapakong Kristo na nasa altar.

“Diyos ko, ano na po ang gagawin ko? Sadyang pinabayaan na kami ni Carlos. Kanino na po ako ngayon hihingi ng tulong?” Humagulgol siya nang

humagulgol. “Diyos ko, tulungan Mo po kami,” pagsusumamo niya. Muli niyang tinitigan ang nakapakong Kristo. He was the Savior of mankind. There’s no reason why He won’t save her daughter now. Sinapo niya ang kanyang mukha sa dalawa niyang palad at muling umiyak.

Dahil marahil sa matinding paghihirap ng kalooban ay hindi niya naramdaman ang paglapit ng isang nilalang sa kanyang tabi. Bahagya lamang niyang naramdaman na may kasama siya sa chapel nang tumikhim ito at iniaabot sa kanya ang puting panyo nito.

“Huwag ka nang umiyak, Miss. Matatapos din ang problema. Ito, o, pahiran mo ang luha mo,” malumanay na sabi nito.

Humihikbing kinuha muna niya ang panyo at nagpasalamat. Nang mapunasan ang luha ay nag-aalangang tiningnan niya kung kanino naggagaling ang panyo at ang boses na iyon na humaplos sa kanyang puso. Saglit siyang nabigla pagkakita sa mabuting samaritano. For a sudden crazy moment ay inisip niya kung nasa chapel nga lang ba siya o nasa langit.

Nang makita niya ang hitsura ng kaharap ay napahinto ang hininga niya pati ang paghikbi. Was

she dreaming or was she seeing an angel in front of her? *A dark but handsome angel*, she thought. Nakangiti ito sa kanya. The gentlest smile she'd ever seen. Pero mas higit ang paghihirap ng kanyang kalooban sa isiping baka hindi na gumaling ang anak dahil sa kawalan niya ng kakayahang maibigay ang kinakailangan para gumaling ito. Muli siyang napahagulgol.

Hindi naman malaman ni Marco kung bakit biglang umiyak muli ang babae. Tunay ngang napakaganda nito sa malapitan. But she was young. Maputi ito, mahaba ang maitim at makintab na buhok nito. She had a small pointed nose and red, pouty lips. Wala itong makeup. And her eyes... what shade were those? Hazel. Yes, hazel. He had never seen such color.

“I... I’m sorry. May nagawa ba akong hindi mo nagustuhan?” marahang tanong ng lalaki.

Umiling si Celine at mapait na ngumiti. “Pasensya na. Salamat nga pala sa panyo.”

“Walang anuman, Miss. Bakit ka ba umiiyak?” He loved her smile though it was obviously bitter.

“N-narito kasi sa ospital ang anak ko,” sagot niya. Nararamdaman niyang namamaga na ang kanyang

mga mata sa kaiiyak.

Anak? So may asawa na ang babaeng ito? Bahagyang panghihinayang ba ang naramdaman ng binata? But something inside him told him to stay on. “Gan’un ba? M-malubha ba ang sakit niya?” Somehow, he was hoping it was not all that bad.

“May impeksyon siya sa kidney,” sagot niya. “Kailangan daw ng dialysis... and she’s just six months old...” Muli ay napapaluha si Celine.

“I see. But believe me, hindi naman gan’un kawalang pag-asa. Gagaling din ang anak mo,” paniniguro nito.

Napatingin siya sa kausap. “Sana nga ay gan’un lamang kasimple, Mister...”

“Call me ‘Marco’. Marco de Rivera,” pakilala nito.

“Mr. de Rivera. You see...” Nag-alangan si Celine. Wala namang magagawa ang mamang ito sa kanyang problema. They were perfect strangers. Gusto lang siguro nitong aluin siya at nagawa na nito iyon. Isinoli na lamang niya ang puting panyong ipinahiram nito. “Thanks for this, Mr. de Rivera. Kahit paano ay nakalma naman ako,” saad niya at aktong tatayo na siya nang hawakan ni Marco ang kanyang kamay.

“Wait!” pigil nito. Pero pareho silang nagulat. The contact brought shock waves of electricity to her and his being. Hindi alam ng dalawa, pero pareho silang nakaramdam ng kung anong kuryente nang maglapat ang kanilang mga balat. They stared at each other’s eyes for a moment. Si Celine ang unang nagbawi ng tingin. Binawi rin niya ang kanyang kamay mula sa pagkakahawak ng kausap.

“Oh, sorry. Look, baka makatulong ako sa problema mo. Ano ba ’yun?” alok nito.

“Salamat. Pero bakit mo ako tutulongan?”

“Actually, hindi ko rin alam. I mean, I just saw you crying on the phone and I just felt there’s something I had to do for you.” May katotohanan ang sinabi ng binata. Simula pa kanina ay parang gusto nitong protektahan ang babae sa kung anumang nagpapaiyak dito.

“It’s all right, Mr. de Rivera. Thank you for your time and concern,” sabi na lamang ni Celine. Ayaw niyang ma-involve sa taong ito no matter who he was. Hindi niya kilala ito. So why would he help her?

I don’t know, sabi ng isipan ni Marco habang tinitingnan ang palayong estranghera. What was it about this woman? Hindi niya alam kung bakit but

he found himself following her. Until she stopped and entered a room. Lumapit siya sa kuwartong iyon; children's ward. Kung gayon ay totoo ang sinasabi ng babae. May anak itong maysakit sa ospital na iyon. Bahagya niyang binuksan ang pinto. Nakita pa niya nang halikan nito ang bata. Sanggol pa iyon. Naroon ito sa bed number three. Tiningnan niya ang pangalan ng pasyente; Isabel Marie Samaniego.

“Ano ang sabi ni Carlos, Celine?” narinig niyang tanong ng isa pang babaeng dinatnan ng estrangherang sinundan niya. Celine pala ang pangalan nito. Napakagandang pangalan. Napangiti siya. Diyata't malaman lamang ang pangalan nito ay natutuwa na siya. Pero sino si Carlos? Ibinukas pa niyang nang kaunti ang pinto. Nakinig siyang muli; hinintay niya ang isasagot ni Celine.

“Huwag ko na raw siyang tatawagang muli,” malungkot na pahayag nito.

“Wala talagang kuwenta ang taong iyon,” iritadong sabi ng kausap nito. “Sarili niyang anak ay hindi niya matulungan.”

So Carlos is the father of Isabel Marie, sabi ni Marco sa sarili. That confirms na may asawa nga si Celine. Nilukuban siya ng matinding panghihinayang. Aalis na sana siya nang marinig niyang magsalitan

mulí ang kasama nito.

“Paano ang dialysis ni Isabel? Saan tayo kukuha ng pera?” Hindi rin nakatakas sa kanyang pansin ang pagbagsak ng mga balikat nito sa panlulumo.

“S-susubukan kong humingi ng tulong sa mga magulang ko,” may pag-aalinlangang tugon ni Celine.

“Pero paano ka nila tutulungan? Itinakwil ka na nila,” anito na may halong pagkaawa at pagkalito.

Kawawa naman, sabi ni Marco pagkarinig sa mga sinabi ng isa pang babae. Napakahirap din pala ng dinadaan nito. Tinitigan niya si Celine na walang kamalay-malay na inoobserbahan niya. She was really beautiful. Her sad eyes were so innocent. He never met any woman as vulnerable as she was in his entire life.

“Bahala na, Pat. Kailangan kong subukan,” ani Celine. Isinara ng binata ang pinto at tumungo sa nurse station ng palapag na iyon ng ospital.

“Miss,” tawag niya sa nurse na naroroon. Kasalukuyan itong nag-che-check ng schedule ng mga ibang nurses. Tumingin ito sa kanya.

“Paano ang process pag magdo-donate ng pera para sa isang pasyente?”

Sinalubong ni Pat si Celine na may ngiti sa mukha. “Celine!” may excitement na tawag nito sa pangalan ng kaibigan.

Pero ang kanyang mukha naman ang hindi maipinta. Bagsak ang mga balikat niya at waring namatayan nang sampung beses.

“Wala sa bansa ang mga Papa, Pat. Nasa Amerika daw at sa isang buwan pa ang balik,” nanlulumong kuwento niya. Linggo noon at ito muna ang nagbantay kay Isabel habang siya ay nagbakasakaling makakahingi ng tulong sa mga magulang.

“Naku, Celine! Wala na tayong problema,” masayang paglalahad nito.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” nagtatakang tanong niya.

“Basta, maghintay na lang tayo.”

“Bakit nga?”

Nang makapasok siya sa ward kung saan naka-confine ang anak ay nagulat siya. Isang nurse ang naroroon at sa tabi nito ay may dialysis machine.

“O, narito na pala ang nurse,” masayang banggit

ni Pat.

“Para saan ’yan?” tanong ni Celine.

“Order po ng doktor ay kailangan na pong i-dialysis ang baby n’yo.”

“Teka muna, Miss, humahanap pa kasi ako ng pambayad at—”

“Ito nga ang sinasabi ko sa iyo, Celine,” tuwang-tuwang sabad ng kaibigan na parang nanalo sa lotto.

Ngumiti ang nurse. “Wag po kayong mag-alala, Misis. May sumagot na po sa pagpapa-dialysis ni baby.”

“Ha? Sino?” takang takang tanong niya.

“Ako.”

Nang lumingon si Celine sa pinanggagalingan ng pamilyar na boses ay parang may bumara sa kanyang lalamunan. Hindi niya akalaing makikita niyang muli ang lalaking ito. It was Marco de Rivera. Somehow, hindi niya nakalimutan ang pangalan nito. Walang lumabas na salita sa kanyang bibig nang ilang sandali. He seemed taller now and more handsome. He looked nice in a blue polo shirt and black leg-hugging jeans.

“Ikaw?” sa wakas ay nasabi ni Celine.

“Bakit hindi ako?” nangingiting tanong ni Marco. He was enjoying the look on her face. Nakita nito kung paano siya nailang.

“Pero bakit?” Kumakabog ang kanyang dibdib. Seeing him again was a pleasant surprise.

“Gusto ko lang makatulong.” His gentle smile caressed her confused heart. Pero kahit humaplos ang mga salita nito sa kanyang puso ay kinakabahan pa rin siya.

“Bakit mo kami gustong tulungan?” muling tanong ni Celine. Gusto niyang kurutin ang sarili. She hoped she was not dreaming. Her dark, handsome angel came again to see her and to really help them this time.

Hindi kaagad nakasagot ang lalaki. Bakit nga ba? Dahil ba gusto nito si Celine? Or maybe he’s just a man with a good heart? Nakaisip ito ng isasagot. But it was not appropriate.

“Sabihin na lamang natin na madali akong maawa. N’ung una kitang makausap ay agad kang umalis so I followed you here. That’s when I saw your daughter. I... I heard your conversation with your friend here.”

All this time ay nakikinig lamang si Pat—hindi

malaman kung matutuwa, kikiligin o magsasawalangkibo na lamang sa mga nangyayari. Labis itong natutuwa para sa mag-ina. Ang mga nakapaligid na mga pasyente at mga bantay ay tila nanonood ng isang pelikula habang nakamasid sa kanila.

“Ah, excuse me,” sabi ng nurse. “Puwede ko na po bang ituloy ang dialysis ni Baby? Kailangan na po talaga,” nahihiya ngunit may urgency na pahayag nito.

“Go on, Miss, ituloy mo na,” utos ni Marco. Magpoprotesta pa sana si Celine, pero alam niyang para sa kabutihan ng kanyang anak ang gagawin. Wala siyang nagawa kundi ang mapaluha na lamang. Hinalikan niya nang mariin ang noo ni Isabel habang sinisimulan itong i-dialysis.

“Huwag ka nang umiyak,” ani Pat habang hinahagod ang kanyang likod. “Gagaling na si Isabel. Nakausap ko ang doktor kanina. Kung magiging regular ang pag-dialysis sa kanya at sa tulong ng tamang paggagamot ay gagaling siya.”

Tumango si Celine. Pinunasan niya ang kanyang luha at ngumiti. She was relieved; labis ang kanyang tuwa na may isang taong nagbigay ng tulong sa kanila kahit hindi nila ito kilala. Nilapitan niya si Marco na hindi inaalis ang tingin sa kanya.

“Salamat, maraming salamats,” aniya at walang sabi-sabing niyakap ito. Nabigla ang binata. He wasn’t expecting her to embrace him. May pag-aalinlangang niyakap din siya nito.

Kung nagulat ito ay lalong nagulat si Celine. Nang yakapin niya ang taong tinuturing niyang good samaritan ay nakaramdam siya ng lubos na seguridad. Her body told her not to let go but her brain did. Marahan siyang kumawala sa pagkakayakap nito.

“Sorry, I got carried away,” sabi na lang ng dalaga. Napansin niya ang ibang pasyente na nanonood na pala sa kanila. “Naku! Nakagawa na tuloy tayo ng eksena. Pasensya na.” At tuluyan na siyang lumayo kay Marco, pero hinawakan nito ang kanyang kamay.

“Wait!” saad nito. “Let’s do a proper introduction. Tiningnan niya ang paghawak ng lalaki sa kanyang kamay. Binitawan nito iyon. Inilahad na lamang nito ang sariling kamay at ngumiti, “I’m Marco Angelo de Rivera. Just call me ‘Marco’. And you are...?”

“I’m Celine Samaniego.” Nakangiting inabot niya ang kamay nito. “I would like to thank you for all your help.”

“You’re most welcome. Hanggang gumaling si Isabel ay tutulungan ko kayo,” nakangiting

paniniguro nito.

Napawi ang ngiti ng dalaga. Most donors would just donate once and leave, pero itong taong ito ay tutulong pa hanggang gumaling ang kanyang anak.

“What are you up to?” may paghihinala sa tinig na tanong niya.

“What do you mean, what am I up to? Nothing, of course,” sinserong sagot nito.

“It’s so hard to believe that. We are strangers to you, but you’re still willing to help us all the way through. What’s in it for you?”

“Celine!” saway ni Pat.

“It’s all right,” paniniguro ni Marco. “I just want to help, that’s all,” sabi na lamang nito. Nagpaalam na ito at umalis.

Si Celine ay naiwang nakatitig pa rin sa pintong nilabasan ni Marco.